# The City Gazette

OFFICIAL ORGAN OF THE CITY GOVERNMENT


## CITY ORDINANCES

### ORDINANCE No. 53

### CLASSIFYING AND IMPOSING NEW RATES OF LICENSE FEES ON THE MANUFACTURE OF FLOOR WAX.

BY virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

SECTION 1. *Permit and license.*—No person or entity shall conduct or engage in the manufacture of floor wax without first having obtained a permit from the Mayor upon payment of a fee of five pesos and a license from the City Treasurer, which shall be issued upon presentation of such permit.

SEC. 2. *License fees.*—For every license issued under the provisions of this Ordinance, there shall be paid an annual license fee, according to the schedule hereunder prescribed, payable annually, semi-annually or quarterly, at the option of the payer:

FLOOR WAX FACTORY

| | |
|---|---|
| Class A—With machinery | ₱60.00 |
| Class B—Without machinery | 30.00 |

SEC. 3. *Repealing clause.*—Any provision of section 703 of Ordinance No. 1600 as amended by Ordinance No. 2678 of the former City of Manila, or of any existing city or municipal ordinance in force in the other component parts of the City, which is inconsistent herewith is hereby repealed.

SEC. 4. *Penalty.*—Any person who shall violate the provisions of this Ordinance shall be punished by a fine of not more than two hundred pesos or imprisonment for not more than six months, or by both such fine and imprisonment, in the discretion of the court.

SEC. 5. *Effectivity.*—This Ordinance shall take effect on June 22, 1943.

Done at the City of Manila, this 21st day of May, 1943.

(Sgd.) LEON G. GUINTO
*Mayor*

### KAUTUSÁNG BLG. 53

### NA NAG-ÚURI-URÌ AT NAGPAPATAW NG BAGONG SÍNGILIN SA PAGPÁPAHÍNTULOT SA PAGGAWÂ NG PANGINTÁB-SAHÍG (*FLOOR WAX*).

SA bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos makasanggunì sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-úutos na:

TUNTUNING 1. *Pahíntulot at lisensiya.*—Waláng sino mang tao o samaháng magtataguyod o háharáp sa paggawâ ng pangintáb-sahíg o "floor wax" nang hindî muna nakapagtatamó ng isáng pahíntulot buhat sa Alkalde pagkapagbayad ng buwís na limáng piso, at ng isáng lisensiya mulâ sa Taga-ingatyaman ng Siyudad, na ipagkakaloób sa paghaharáp ng násabing pahíntulot.

TUNT. IKÂ-2. *Singíl sa lisensiya.*—Bawa't lisensiyang ipagkaloób, ayon sa mga tadhanà ng Kautusáng itó, ay pagbabayaran ng santaunang singíl sa lisensiya, ayon sa batayáng itinatakdâ rito, na pagbabayaran nang táunan, o ánimang buwán o tuwing ikatlóng buwán, ayon sa máibigan ng nagbabayad.

PAGAWAAN NG "FLOOR WAX"

| | |
|---|---|
| Uring A—May mákina | ₱60.00 |
| Uring B—Waláng mákina | 30.00 |

TUNT. IKÁ-3. *Pangkat na nagpapawalang-bisà.*—Alín mang tadhanà ng Tuntuning iká-703 ng Kautusáng Blg. 1600, ayon sa pagkakabago ng Kautusáng Blg. 2678 ng dating Siyudad ng Maynilà, o ng alín mang kautusáng umíiral sa siyudad o munisipyong nasasakop ng Siyudad, na násasalungát dito, ay pinawawalang-bisà sa pamamagitan nitó.

TUNT. IKÁ-4. Parusa.—Sino man taong lumabág sa tadhaná ng Kautusáng itó ay parúrusahan ng isáng multang dî híhigít sa dalawang daang piso ó ng pagkabilanggong dî híhigít sa anim na buwán, o ng magkalakip na multa at pagkabilanggô, ayon sa marapatin ng Húkuman.

TUNT. IKÁ-5. *Pagkakabisà.*—Ang Kautusáng itó ay magkakabisà sa iká-22 ng Hunyo, 1943.

Inilagdâ sa Siyudad ng Maynilà, ngayóng iká-21 araw ng Mayo, 1943.

(May-lagdâ) LEÓN G. GUINTO
*Alkalde*